INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


# EPEKTO SA PAGPAPATUPAD NG LESSON SCRIPTS SA KAKAYAHAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA IKAPITONG BAITANG

**DOI: 10.5281/zenodo.15986755**

**RAY RUSSEL B. RUTA**
University of the Visayas
rutarayrusell92@gmail.com

**AILEEN B. CATACUTAN, EdD**
Professor, Graduate School of Education, University of the Visayas

**ABSTRAK**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng lesson script bilang interbensyon sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinuri ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang pre-experimental research na isinagawa mula sa 242 mag-aaral at 29 na guro sa Filipino. Ipinakita ng resulta na may makabuluhang pagtaas sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang lesson script ($t = -30.247$, $p = .000$). Ang paggamit ng lesson script ng mga guro ay nasa napakataas na antas, lalo na sa aspeto ng pagpapamilyar sa iskrip at pagsunod sa daloy ng aralin. Samantala, ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nasa napakataas na antas bago ang aralin ($M = 4.35$), ngunit bumaba sa antas na "nagaganyak" habang at matapos ang aralin ($M = 4.03$). Natuklasan din na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagbasa at antas ng paggamit ng lesson script ($r = .854$, $p = .036$), ngunit walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagbasa at antas ng kaganyakan sa pagbasa ($r = .588$, $p = .105$). Ang mga resulta ay inangkla sa Sociocultural Theory ni Vygotsky, na nagsasaad na ang pagkatuto ay higit na napapabuti sa pamamagitan ng suporta mula sa kapaligirang panlipunan tulad ng gabay ng guro. Bilang kongklusyon, ang lesson script ay epektibong interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa. Iminumungkahi ang pagpapaigting ng enhancement ng lesson script upang higit pang mapalakas ang kakayahan sa pagbasa ng mga tekstong Filipino.

**Mga Salitang Susi:** *Lesson script, Kakayahan sa pagbasa, Kaganyakan, Pagbasa sa Filipino, Sociocultural Theory, Pre-experimental research, Grade 7 learners*

## PANIMULA

Inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang Every Child A Reader Program (ECARP) noong 2013 upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kabilang sa programang ECARP ang Reading Recovery (RR), isang interbensyon upang bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa at pagsulat, at Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), isang pagtatasa upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa English at Filipino. Sa karagdagan, inilunsad rin ng kagawaran ang National Reading Program (NRP) bilang bahagi ng National Learning Recovery Plan (NLRP) noong 2023. Nakapaloob dito ang Drop Everything and Read (DEAR) at Read-a-thon, kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na makapagbasa ng nais nilang babasahin at ito ay muling ikuwento sa buong klase.

Sa inilabas na DepEd Memorandum Bilang 173, s. 2019, na may titulong Bawat Bata Bumabasa o 3B's Initiative, na naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, hindi lamang ang kakayahan sa pagbabasa ang dapat mahubog at mapayaman. Sa memorandum na ito, ipinapakita ang kahalagahan ng kasanayan sa pagbabasa ng bawat mag-aaral. Sinabi na pinakamababa sa 79 bansa ang nakuhang marka ng mga Pilipinong mag-aaral sa Reading Comprehension o pag-intindi sa binabasa, batay sa resulta ng isang pagsusuri na isinagawa ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD). Noong 2018, ang Pilipinas ay lumahok sa Program for International Student Assessment (PISA) sa kauna-unahang pagkakataon. Lumabas na isa sa bawat apat na mag-aaral sa Grade 5 ay walang mga kasanayan sa pagbasa at matematika.

Batay sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Carmen National High School – Day Class sa ika-pitong baitang, isang malubhang suliranin ang mababang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Marami sa kanila ang hindi pa marunong bumasa, at kung nakakabasa man ay hindi nila lubos na nauunawaan ang kanilang binabasa. Napapansin din ng mga guro na kulang sa sariling pagsisikap ang mga mag-aaral na linangin ang kanilang kasanayan sa pagbasa, sapagkat mas inuuna nila ang paglalaro ng mga digital games at labis na paggamit ng gadgets, na nagdudulot ng sobrang screen time. Lalong lumalala ang sitwasyon dahil sa kakulangan ng mga aklat, babasahin, at iba pang learning resources sa paaralan, pati na rin ang kakulangan ng suporta mula sa mga magulang na siyang inaasahang katuwang sa pagbasa at pagkatuto ng kanilang mga anak. Bunga ng mga ito, nananatiling mababa ang natatamong iskor ng mga mag-aaral sa pagsusulit at kapansin-pansin din ang kawalan nila ng motibasyon sa pag-aaral, na nagiging hamon sa epektibong pagtuturo ng Filipino.

Batay sa mga nabanggit na suliranin at karanasan ng mga guro, naaayon sa adyenda ng Bagong Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagsasagawa at pagtaguyod ng lesson scripts sa pagbibigay ng suporta ng mga guro upang mas maging mahusay sa pagtuturo at malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa kabuuang taon ng kanilang pag-aaral. Ang lesson scripts ay mga kasangkapan upang mas maging matagumpay na maisakatuparan ang mga programang gaya ng Catch-up Fridays, National Reading Program, at National Mathematics Program. Ang pagpapatupad ng mga naturang programa ay magsisimula ngayong School Year 2024–2025 (DepEd Order No. 22, s. 2016). Batay rito, ang mananaliksik ay naglalayong suriin kung gaano kaepektibo ang paggamit ng lesson scripts sa makabuluhang paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa pamamagitan ng iba't ibang gawain na ipinapagawa ng mga guro sa silid-aralan na nakabatay sa iskrip.

Ang resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang English at Filipino ay dumaraan sa pamamagitan ng spiral progression approach, kung saan ang mga mag-aaral mula una hanggang ikatlong baitang ng elementarya ay nakatuon sa Mother Tongue-Based (MTB) bago ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Subalit, ang pagbabago ng kurikulum tungo sa K–10 Basic Education ay naglalayong linangin ang mga pangunahing kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng sociocultural learning theory bilang pilosopikal na sandigan. Ang bagong kurikulum na ito ay magtatanggal sa MTB at nakatuon sa paggamit ng first-hand language.

Sa unang bahagi ng pagpapatupad ng Bagong Kurikulum sa mga napiling antas gaya ng Grades 3, 6, at 7, ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kabisaan ng lesson scripts sa pagtugon sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Makatutulong ito upang matukoy ang mga bahagi na nangangailangan ng kaukulang pagpapaunlad para sa epektibo nitong paggamit. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng direksiyon kung paano ang epektibong pagtuturo ay maisusulong sa kurikulum at matutugunan ang suliranin sa pagbasa at magabayan ang mabuting pag-unawa ng mga mag-aaral tungo sa matagumpay na pagpapatupad ng kurikulum.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga para sa mga mag-aaral, guro, administrador, tagabuo ng kurikulum, magulang, at mananaliksik na nagnanais mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Para sa mga mag-aaral, makatutulong ito upang malinang ang kanilang kasanayan at pag-unawa sa binabasa. Ang mga guro ay magkakaroon ng gabay sa pagbuo ng mga aralin na akma sa antas ng pagkatuto, habang ang mga administrador at tagabuo ng kurikulum ay maaaring makabuo ng mga polisiya at programang nakasentro sa pagbasa. Ang mga magulang naman ay mahihikayat na maging katuwang sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa ng kanilang mga anak. Sa kabuuan, inaasahang magiging bihasa ang mga mag-aaral sa pagbasa at makakamit nila ang mataas na marka sa mga pambansa at pandaigdigang pagtatasa.


**Balangkas Teoretikal**

Ang guni-guni ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa paniniwalang ang pagkatuto ay isang prosesong panlipunan na higit na napauunlad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa, na kinabibilangan ng mga guro, magulang, o kapwa mag-aaral. Nakaangkla ito sa Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang kognitibong pag-unlad ng isang mag-aaral ay naiimpluwensyahan ng kanyang kapaligiran, kultura, at pakikipag-ugnayan sa mas may kaalaman.

Kabilang dito ang konsepto ng Zone of Proximal Development (ZPD), na tumutukoy sa agwat ng kakayahan ng isang mag-aaral na matutunan ang isang bagay nang mag-isa at ang kanyang kakayahang matutunan ito sa tulong ng mas bihasang indibidwal. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, ang mga lesson scripts na isinulat at isinaayos batay sa kasalukuyang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ay nagsisilbing gabay o scaffold upang mas mailapit ang mga mag-aaral sa kanilang ZPD. Sa pamamagitan ng sistematikong paggabay ng guro gamit ang mga lesson scripts, inaasahang maiangat ang antas ng kasanayan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

Pinatitingkad ng pag-aaral na ito ang mahalagang papel ng guro bilang tagapagpadaloy ng kaalaman at ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong materyales upang matugunan ang mga suliranin sa pagbasa (McLeod, 2018).

**Pigura1**
*Schematic Diagram of the Theoretical Framework*




Ang nabanggit na teorya ay may mahalagang papel sa pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng kaalaman kung paano linangin ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng malawak na pag-unawa sa mga simbolong pangwika gaya ng mga letra, kahulugan ng bawat salita o kaisipan, at anupamang mga krokis at talababa, upang pagsama-samahin ito hanggang maunawaan ang mensaheng taglay nito. Kung walang mga simbolong pangwika, hindi rin magaganap ang pag-unawa sa mga mensahe. Sa kaso ng pagkatuto, ang mga mag-aaral na nasa sekundarya ay inaasahang may ganap na kakayahan sa pagkilala ng mga serye ng simbolong wikang Filipino kaya mas madali nilang nauunawaan ang mga kahulugan at koneksyon nito sa kabuuang nilalaman ng mga pahayag at tekstong nabasa.

Sa pamamagitan din ng teoryang ito, nabibigyan ng pag-unawa ang mananaliksik kung paano nakapag-ugnay-ugnay ang isang mambabasa ng kanyang maraming nalalaman tungo sa binabasang teksto. Ang pag-uugnay-ugnay na ito ay nagaganap sa pamamagitan ng mga tanong at hinuha. Binabasa ng mambabasa ang teksto upang mapatunayan ang kanyang mga hinuha at hula. Nagsisilbing "inputs" ang teksto. Hindi ang teksto ang iniikutan ng proseso ng pagbasa kundi ang konsepto o kaisipang nabubuo sa isipan ng mambabasa. Inilalarawan ang prosesong ito na ang teksto ay nagbibigay lamang ng direksiyon sa mambabasa kung paano mabuo ang pagpapakahulugan (Ann, 2013).

Ayon sa K-12 Reader (2012), ang pag-unawa sa pagbabasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Ito ay mahalaga sapagkat madali nitong naibibigay ang kinakailangang ideya tungkol sa mga bagay na nais mong maunawaan at nais mo ring ibahagi sa mga nangangailangan (Cassanova, 2021).

Binigyang-diin din ng pag-aaral na ito ang mga batayang legal na naging sandigan sa pagpapatupad ng iba't ibang programang nakatuon sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Isa sa mga mahalagang programang ipinatutupad sa bisa ng kautusang pangkagawaran ng Kagawaran ng Edukasyon ay ang DepEd Order No. 18, s. 2017 ukol sa Guidelines on the Utilization of the 2017 Every Child a Reader Program (ECARP) for the Early Language, Literacy, and Numeracy Program: Professional Development Component. Ayon sa programang ito, isa sa mga layunin ng Kagawaran ng Edukasyon na malinang sa mga batang Pilipino ang kakayahang sumulat at bumasa nang may pag-unawa, saan mang baitang sila mapabilang.

Bukod pa rito, nakasaad sa DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 na ang programang pagpapabasa ay may mga target output gaya ng: pagsulong at pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay ng kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa, at pagpapatupad ng mga interbensyon. Nakapokus ito sa pagkamit ng husay sa

pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at makaunawa nang nakapag-iisa sa antas na naaayon sa kanilang grado, na magreresulta sa pagtaas ng learning outcomes. Bukod dito, ang mga teorya sa pagbasa, kasanayan, at pananaliksik ay dapat magsilbing gabay sa pagpaplano, pagpapatupad, pagsubaybay, at pagsusuri ng mga yugto ng programang pagpapabasa.

Naglunsad din ang Kagawaran ng Edukasyon ng tinatawag na Project DEAR (Drop Everything and Read) sa pamamagitan ng DepEd Order No. 1, s. 2024, kung saan itinakdang tuwing Biyernes ng bawat buwan sa buong academic year ang pagbibigay-diin sa pagbabasa sa lahat ng antas ng paaralan.

Kamakailan lamang, naglunsad din ang Kagawaran ng Edukasyon ng programa ukol sa paggamit ng lesson scripts upang pagyamanin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Nakapaloob ito sa DepEd Memorandum DM-CT-2024-248, na naglalaman ng mga alituntunin kung paano gamitin ang lesson scripts. Ayon sa memorandum, ang mga lesson script ay mga kagamitang panturo na tumutulong sa mga guro sa pagpapatupad ng mga programang gaya ng National Reading Program, National Mathematics Program, at Catch-Up Fridays.

Nakapaloob din dito ang mga layunin sa pagkatuto, mga mahahalagang nilalaman, at pamamaraan ng pagtuturo sa bawat paksa. Ang maayos na pagkakagawa ng lesson script ay nakatutulong upang mas maganyak ang mga mag-aaral at makatutok sa talakayan, na siyang magpapalalim sa kanilang pagkatuto (DepEd Memorandum 248, s. 2024).

Pagpapamilyar sa Lesson Script. Sinusuri ng mga guro ang lesson script bago ito gamitin upang matiyak ang pag-unawa sa nilalaman, bahagi, at layunin. Inaasahan ding makipagtulungan sila sa pagsusuri ng lesson script at paghahanda para sa pagpapatupad nito sa pamamagitan ng mga pagpupulong. Maaari ring maglagay ng mga komentaryong may personal na pananaw upang iakma ito sa istilo ng pagtuturo at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Pagsunod sa Lesson Script.Dapat tiyakin ng mga guro na ang presentasyon ng aralin ay sumusunod sa pormat at balangkas ng lesson script. Napananatili rin ang balanse sa pagitan ng pagsunod sa script at pagganyak ng mga mag-aaral sa isang interaktibong kapaligiran. Mahalaga ring masubaybayan ang pag-unlad ng mag-aaral at makagawa ng kaukulang pag-aayos upang matiyak na natutugunan ang mga learning competencies.

Pagsasama ng Agham ng Pagkatuto.Inaasahang naiuugnay ng mga guro ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa mga bagong konsepto. Naipapaliwanag ang mga bokabularyo, at nagkakaroon ng aplikasyon sa pamamagitan ng mga halimbawa. Pinapahintulutan ang mga mag-aaral na magbahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsusulat at talakayan. Kasama rin dito ang pagninilay sa proseso ng pagkatuto.

Paggamit ng mga Kagamitang Panturo.Inihahanda ang mga pantulong na kagamitan sa tulong ng mga non-teaching personnel. Sinisiyasat ang kalidad ng mga multimedia tools gaya ng video, interactive simulations, at online tools upang mapalakas ang kagustuhang matuto. Ginagamit din ang mga kagamitang naaayon sa Matatag Curriculum at maaaring baguhin kung kinakailangan.

Formative Assessments.Nasusubaybayan ng mga guro ang pag-unawa ng mag-aaral at naaangkop ang pagtuturo. Isinasagawa ang mga authentic assessments at performance-based tasks upang mas mapalalim ang pagkatuto. Dapat may karagdagang tools upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral.

Pidbak at Repleksiyon.Nagmumuni-muni ang mga guro sa kabisaan ng lesson script at nagbibigay ng feedback sa punong guro o pinuno ng departamento. Nagkakaroon ng regular na pulong para sa brainstorming at pagpapahusay ng lesson script.

Pagtutulungan at Pagbabahagian.Dapat aktibong lumahok ang mga guro sa learning action cells upang maibahagi ang mga karanasan at mahusay na gawi sa paggamit ng lesson script. Dito rin nabubuo at napapanatili ang repository ng mga epektibong pamamaraan.

Pag-angkop at Pagbagay.Kinakailangang mapanatili ang pag-angkop sa lesson script ayon sa pangangailangan ng mag-aaral at sitwasyon sa klase. Dapat handang lumihis sa iskrip kung may hindi inaasahang pangyayari. Naitatala ang mga pagbabagong ito bilang gabay sa susunod na pagpaplano.

Ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito ay magmumula sa mga resulta ng pagtataya sa pagpapatupad ng lesson script. Layunin ng pag-aaral na masuri ang epekto ng paggamit ng lesson script sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa. Ang mga resulta ay pagtatagpiin sa mga umiiral na teorya, batas, kaugnay na literatura, at pag-aaral upang maging matibay na batayan ng kongklusyon.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Pag-aaral at Literatura**

Nakapaloob sa kabanatang ito ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura na nakalap mula sa iba't ibang babasahin tulad ng aklat, diyaryo, magasin, tesis, disertasyon, at iba pang publikasyon na may malaking kaugnayan sa pag-aaral na ito. Inihanay ang mga kaisipan at konsepto mula sa iba't ibang may-akda at mananaliksik upang malinawan ang isinagawang pag-aaral.

**Mga Pamamaraan at Interbensiyon sa Pagsusulong ng Kasanayan sa Pagbasa**

Marami nang pananaliksik ang isinagawa upang malaman ang epekto ng iba't ibang istratehiya, metodo, teknik, at kaparaanan upang mahasa ang aspeto ng pagbasa ng mga mag-aaral. Tulad na lamang ng pag-aaral nina Shirmohammadi at Salehi (2019), kung saan napatunayan na ang scaffolding teknik (may namamagitang pagtuturo na sadyang ginawa upang madagdagan ang pagkatuto ng mag-aaral) ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang pabutihin ang kanilang kakayahan sa pagbasa, kumpara sa self-regulated techniques (kung saan ang mag-aaral ay hinahayaang matuto sa kanyang sariling pamamaraan).

Sa isinagawang pananaliksik nina Pretorius at Lephalala (2022), isang programa sa pag-unawa sa pagbasa para sa mga mag-aaral sa Baitang 6 sa mga paaralang may mataas na antas ng kahirapan ay nagresulta sa pagtaas ng kanilang kakayahan sa pagbasa sa sarili nilang wika. Gayunman, iba-iba ang naging tagumpay depende sa paraan ng pagpapatupad. Ipinapakita ng pananaliksik na mahalaga ang interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

Natuklasan naman sa pag-aaral nina Bruma at Marbella (2016) ang kabisaan ng Strategic Intervention Material (SIM) sa pagsulat sa Baitang 7. Ang SIM ay binuo upang magamit sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagsulat. Nailahad sa kanilang pag-aaral ang kahalagahan ng pagsasagawa ng interbensyon upang makasabay sa pag-unlad ng kasanayan ang mga mag-aaral na nahihirapan. Hindi maikakailang may kaugnayan ang paggamit ng kagamitan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa.

Sa ginawang pag-aaral ni Connelly (2019) na pinamagatang Effects of WH-Question Graphic Organizer on Reading Skill in Students, ipinakita na mas nakauunawa ang mga mag-aaral sa kabuuan ng teksto kung gumagamit sila ng hindi ganap na kompletong grapikong representasyon. Lalo pang napabubuti ang pag-unawa kung ang mga grapikong representasyon ay inilalahad pagkatapos magbasa.

Sa Leyte, maraming mag-aaral ang may kahinaan sa kasanayan sa pagbasa. Kaya naman, napagtanto ng mga gurong nagtuturo sa sariling wika na nagiging mas epektibo ang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng storybook, lalo na kung natutugunan nito ang kanilang mga pangangailangan (Sua, 2021). Inilahad sa kanyang pag-aaral na mas napabuti ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang storybook. Kabilang sa kanyang mga mungkahi ang: patuloy na paggamit ng storybook sa loob ng silid-aralan; paghikayat sa mga guro na gumamit ng iba't ibang kagamitang panturo; at pagsasanay sa mga guro sa paglikha ng mga iskrip.

May naisagawang pag-aaral hinggil sa paggamit ng iskrip sa pagtuturo ng maikling kuwento, isa na rito ang pananaliksik ni Musaljon (2019). Ayon sa kanya, ang paggawa ng maikling kuwento gamit ang Modelong Mind Mapping ay nagsisimula sa pagsusulat ng isang keyword mula sa napiling tema sa gitna ng papel. Mula rito, inilalarawan ang tema sa pamamagitan ng mga sangay sa anyo ng mga elemento ng maikling kuwento na kinabibilangan ng banghay, karakterisasyon, tauhan, tagpuan, punto de bista, at wakas ng napiling kuwento.

**Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto sa Pagbasa Gamit ang Lesson Script**

Nakapaloob sa DepEd Memorandum DM-CT-2024-248 ang mga alituntunin kung paano maganyak ang mga mag-aaral gamit ang lesson scripts. May mga aspektong dapat isaalang-alang ng mga guro upang maging matagumpay ang pagpapatupad nito, na kinapapalooban ng tatlong yugto: bago ang aralin, habang isinasagawa ang aralin, at matapos ang aralin (DepEd Memorandum 248, s. 2024).

Una: Bago ang Aralin.Sa bahaging ito, kinakailangang masiguro ng mga guro na nakakonekta ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral. Dapat ding maganyak ang mga mag-aaral sa bagong aralin at magkaroon ng malinaw na dahilan ng pagkatuto. Bukod pa rito, inaasahang nakapagbibigay sila ng kahulugan sa mga salitang hindi pamilyar mula sa aralin.

Ikalawa: Habang Ipinapatupad ang Aralin.Ayon sa memorandum, dapat ay nakababasa at nakapaglalahad ng paliwanag ang mga mag-aaral hinggil sa mga pangunahing kaisipan ng aralin. Kabilang din dito ang kakayahan sa pagsisiyasat ng mga kaisipang ito sa pamamagitan ng mga tanong at kaukulang gawain.

Panghuli: Matapos ang Aralin.Nakapaloob sa bahaging ito na dapat nakakalikha ng paglalahat ang mga mag-aaral kaugnay ng pangunahing kaisipan mula sa nabasang teksto. Inaasahan ding nakakamit nila ang mga layunin ng pag-aaral batay sa resulta ng pagkatuto at taglay na karunungan sa mga kasanayan. Dagdag pa rito, naisasakatuparan din nila ang mga ibinigay na gawain bilang enrichment o remedial (DepEd Memorandum 248, s. 2024).

**METODOLOHIYA**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pamamaraan ng pananaliksik upang matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pag-aaral, gayundin ang mga instrumentong ginamit, ang pamamaraan sa pagtitipon ng mga datos o tala, mga respondente, at ang paglalapat ng estadistika upang mabigyang-kahulugan ang natipong datos.

**Disenyo**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo ng pananaliksik upang masukat ang epekto ng paggamit ng lesson script sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ginamit ang pre-test at post-test upang matukoy kung may makabuluhang kaibahan sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Sa pamamagitan ng disenyong ito, naipakita kung paano nakatulong ang lesson script bilang estratehiya sa pagtuturo upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at kaganyakang matuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pre-experimental na pamamaraan ay angkop sa layunin ng pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa pagsusuri ng epekto ng isang tiyak na interbensyon sa isang pangkat ng kalahok, nang walang paghahambing sa kontroladong grupo.

**Kapaligiran**

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa isang paaralang pansekondarya na may ikapitong baitang na antas, ang Carmen National High School – Day Class. Ang paaralang ito ay may dalawang antas: Junior High School at Senior High School. Mayroong humigit-kumulang 3,821 rehistradong mag-aaral, na kinapapalooban ng 2,962 sa junior high at 859 sa senior high. Sa karagdagan, ito ay may 136 na kabuuang bilang ng mga guro, kung saan 91 sa kanila ay nagtuturo sa junior high at 45 naman sa senior high. Batay sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral at guro ng nasabing paaralan, mayroong 412 mag-aaral at 34 na guro sa ikapitong baitang na kumakatawan sa pananaliksik na ito.

Bilang unang pagpapatupad ng lesson script sa lahat ng asignatura, isinagawa ang pre-test upang matukoy ang kasanayan ng mga mag-aaral sa literasi. Ito ay isinagawa upang malaman ang antas ng literasiya ng mga mag-aaral at upang magamit ang lesson script bilang interbensyon sa pagtugon sa suliranin. Ang interbensyong ito ay nakabatay sa pangangailangan, interes, at kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga interaktibong gawaing nakasaad sa lesson script. Bawat Biyernes ay ipapatupad ang lesson script at isasagawa ang post-test upang matukoy ang pag-unlad na nakamit ng mga mag-aaral matapos gamitin ang interbensyon.

Napili ng mananaliksik ang nabanggit na paaralan sapagkat, batay sa resulta ng pre-test, naipakita ang mababang antas ng literasiya ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang, na nagiging hadlang sa pag-unawa at pagkatuto ng mga aralin. Bilang mandato ng Kagawaran ng Edukasyon, kinakailangang ipatupad ng mga guro ang paggamit ng lesson script tuwing Biyernes. Dahil dito, ang pananaliksik na ito ay magbibigay ng pidbak tungkol sa bisa ng lesson script sa pagpapaunlad ng literasiya ng mga mag-aaral, batay sa antas ng paggamit nito at sa pagganyak ng mga mag-aaral.

**Respondente**

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng dalawampu't siyam (29) na guro na nagtuturo sa ikapitong baitang ng Carmen National High School – Day Class. Pipiliin ang mga guro gamit ang universal sampling, kung saan lahat ng populasyon sa ikapitong baitang ay gagawing respondente. Kabilang din sa pag-aaral na ito ang lahat ng mag-aaral sa ikapitong baitang na binubuo ng dalawang daan at apatnapu't siyam (249). Ayon kay Crossman (2017), "Ang universal sampling ay lubhang mahalagang gamitin kung kinakailangang lahat ng sampol ay kabilang sa gagawing pag-aaral."

Gagamitin ng mananaliksik ang inclusion criteria sa pagtukoy ng mga respondenteng kabilang sa pag-aaral batay sa mga sumusunod: 1) nagtuturo sa ikapitong baitang ng Carmen National High School; 2) nasa permanenteng o regular na estado sa trabaho; at 3) may hindi bababa sa dalawang taong karanasan sa pagtuturo. Hindi kabilang sa pag-aaral na ito ang mga guro sa Carmen National High School na nagtuturo sa ibang baitang, gayundin ang mga guro sa ikapitong baitang ng iba pang paaralang sekondarya sa Carmen District.

**Instrumento**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang dalawang adapted at structured questionnaires upang masukat ang iba't ibang aspekto ng implementasyon ng lesson script, partikular ang antas ng paggamit nito ng mga guro, antas ng kaganyakang matuto ng mga mag-aaral, at ang kanilang kasanayan sa pagbasa batay sa resulta ng pre-test at post-test. Ang mga instrumentong ito ay nakabatay sa mga pamantayan at alituntunin ng Department of Education

Memorandum No. 248, s. 2024 na may pamagat na "Guidelines on the Utilization of Lesson Scripts," na naglalayong patatagin ang paggamit ng lesson scripts sa pagtuturo.

Ayon sa nasabing memorandum, ang lesson scripts ay idinisenyo upang magsilbing gabay ng guro sa bawat yugto ng pagtuturo—bago, habang, at matapos ang aralin—at binibigyang-diin din nito ang flexibility ng mga guro sa pag-aangkop ng scripts batay sa pangangailangan ng mag-aaral, dokumentasyon ng implementasyon, at pagsusumite ng feedback sa Curriculum and Teaching Division. Ang mga prinsipyong ito ang naging batayan sa pagbubuo ng mga aytem ng mga talatanungan sa pananaliksik na ito.

Ang unang talatanungan ay tungkol sa "Antas ng Paggamit ng Lesson Script ng mga Guro sa Pagtuturo," na binubuo ng 32 aytem mula sa walong aspeto: (1) pagpapamilyar sa lesson script, (2) pagsunod sa nilalaman nito, (3) integrasyon ng agham ng pagkatuto, (4) paggamit ng kagamitan sa pagtuturo, (5) formative assessment, (6) pagbibigay ng pidbak at repleksiyon, (7) kolaborasyon, at (8) pag-angkop at pagbabago. Gumamit ito ng 5-point Likert Scale: 5 – palaging ginagamit; 4 – madalas ginagamit; 3 – paminsan-minsan; 2 – bihira; at 1 – hindi ginagamit. Ang nasabing talatanungan ay may reliability index na .84, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagiging maaasahan.

Ang ikalawang talatanungan ay tumutukoy sa "Antas ng Kaganyakang Matuto ng mga Mag-aaral Gamit ang Lesson Script," na binubuo ng 10 aytem na nakapaloob sa tatlong yugto ng aralin: bago ang aralin, habang isinasagawa ang aralin, at matapos ang aralin. Gumamit din ito ng 5-point scale: 5 – napakataas; 4 – mataas; 3 – katamtaman; 2 – mababa; at 1 – hindi nagaganyak. Ang reliability index nito ay .91, na nangangahulugang may napakataas itong consistency at validity bilang isang panukat ng kaganyakan sa pagbasa.

**Pangangalap ng Datos**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na gagawin ng mananaliksik sa pangangalap ng mga datos na gagamitin para sa pag-aanalisa at pagbibigay-kahulugan.

**Pre-Data Gathering.** Bago mangalap ng datos, ang mananaliksik ay hihingi muna ng pahintulot sa pamamagitan ng isang pormal na liham na ipapadala sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng University of the Visayas. Kasunod nito ay ang pagsusumite ng pananaliksik sa Institutional Review Board (IRB) para sa etikal na pagsusuri. Hihintayin ang kanilang pag-apruba bago tumungo sa susunod na hakbang. Kapag ito ay naaprubahan na, susulat naman ang mananaliksik ng liham sa mga punong-guro ng paaralang kalahok upang humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sa huling hakbang, makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga posibleng respondente at magpapadala ng liham na naglalaman ng layunin ng pananaliksik, kahalagahan ng pag-aaral, at ang kanilang karapatang boluntaryong lumahok o umatras anumang oras nang walang pananagutan.

**Actual Data Gathering.** Matapos makuha ang lahat ng kinakailangang pag-apruba, isinagawa na ang aktwal na pangangalap ng datos. Binigyan ng oryentasyon ang mga respondente upang malinaw na maunawaan ang nilalaman ng mga talatanungan at kung paano ito sasagutan. Sa Carmen National High School – Day Class, tinipon ang mga respondente sa isang silid-aralan kung saan sabay-sabay silang sasagot sa dalawang structured at adapted questionnaires: una, tungkol sa Antas ng Paggamit ng Lesson Script ng mga Guro, at ikalawa, sa Antas ng Kaganyakang Matuto ng mga Mag-aaral. Ang mga talatanungan ay nakabatay sa mga pamantayan ng DepEd Memorandum No. 248, s. 2024, na nagbibigay ng gabay sa mabisang paggamit ng lesson scripts sa pagtuturo. Sa nasabing memo, inaatasan ang mga guro na gamitin ang lesson script na may malinaw na banghay: simula sa layunin, motibasyon, interaktibong gawain (larawan, diagram, laro, discussion), at pagtatapos sa formative assessment.

Sa unang linggo ng klase, isinagawa ang pre-test upang masukat ang panimulang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Ang pagsusulit ay nakabatay sa mga kasanayang itinatakda ng Matatag Curriculum Guide para sa Filipino, partikular sa mga kompetensiyang kaugnay ng literacy skills tulad ng pag-unawa sa binasa, pagbibigay-kahulugan sa salita, at pagsusuri sa nilalaman ng teksto.

Simula sa unang linggo ng quarter, tuwing Biyernes ay isinakatuparan ng mga guro ang paggamit ng lesson script na layuning malinang ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang bawat lesson script ay nakaangkla sa araling tinalakay mula Lunes hanggang Huwebes at nakatuon sa muling pagbabalik at pagpapalalim ng kaalaman sa paksa. Bagama't ang aralin ay inulit, binigyang-diin ng lesson script ang pagpapayabong ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga interaktibong gawain. Halimbawa, sa unang linggo ay itinampok ang Panitikan sa Panahon ng Katutubo, at sa ikalawang linggo naman ay Panitikan sa Panahon ng mga Kastila, parehong bahagi ng kurikulum para sa ikapitong baitang sa ilalim ng bagong Matatag Curriculum.

Ang pagsasagawa ng mga lesson script ay lubusang sinunod ng mga guro alinsunod sa itinakda ng DepEd Memorandum No. 248, s. 2024, na nagbibigay ng patnubay sa wastong paggamit ng lesson scripts sa pagtuturo. Batay sa nasabing memorandum, ang lesson script ay isang gabay na naglalaman ng malinaw na pagkakasunod-

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

sunod ng mga bahagi ng aralin, mula sa pagbibigay ng layunin, motibasyon, mga gawaing pampagkatuto, paggamit ng larawan, diagram, laro, at interactive group discussions, hanggang sa pagbibigay ng formative assessment para masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Dala-dala ng mga guro ang nasabing script sa aktwal na pagtuturo upang matiyak na nasusunod ang sequence at maisakatuparan ang bawat bahagi ng aralin nang sistematiko at epektibo.

Matapos ang buong quarter, isinagawa naman ang post-test upang matukoy ang naging pagbabago o pag-unlad sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral matapos sumailalim sa interbensyon gamit ang lesson script. Ang resulta ng pre-test at post-test ay inalisa upang masukat ang epekto ng lesson script sa pagbasa at kaganyakang matuto ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Post Data Gathering.** Pagkatapos ng pangangalap ng datos, ang mga nakolektang talatanungan ay itinabyuleyt at isinailalim sa estadistikang pagsusuri gamit ang simple percentage, weighted mean, Paired T-test, at Pearson correlation upang masukat ang kaibahan at kaugnayan ng mga baryabol. Ang mga datos ay inilahad sa anyo ng talahanayan upang magsilbing batayan sa pagsusuri at interpretasyon ng resulta. Ang lahat ng nasagutang talatanungan ay ilalagay sa isang sobre at itatago sa isang ligtas na kabinet na tanging ang mananaliksik lamang ang may access. Pagkalipas ng isang taon, ang mga dokumento ay sisirain sa pamamagitan ng pagsunog upang mapanatili ang pagiging kompidensyal ng impormasyon ng mga kalahok.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Gagamitin ng mananaliksik ang estadistikang pamamaraan na angkop batay sa layunin ng pag-aaral na nakasaad sa paglalahad ng suliranin.

Una ay ang *Simple Percentage* bilang pormula na gagamitin sa pagkompyut ng pre-test at post-test scores ng mga respondente gamit ang lesson script. Gamit ang pormulang ito, matutuklasan ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa bisa ng lesson script. Matutukoy rin ang kahalagahan ng lesson script sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ikaalawang pamamaraang estadistikal ay ang *Weighted Mean*, na gagamitin sa pagkompyut ng antas ng paggamit ng mga guro ng lesson script sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Gayundin, ito rin ang gagamitin sa pagtukoy ng antas ng kaganyakang matuto ng mga mag-aaral sa pagbasa gamit ang lesson script.

Ikatlo ay ang *Paired T-test Formula*, na gagamitin sa pagtukoy ng makabuluhang kaibahan sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang pre-test at post-test scores gamit ang lesson script. Ito ay tumutugon sa ikaapat na suliranin sa pag-aaral.

Panghuli ay ang *Pearson (r) Coefficient Correlation Formula*, na gagamitin sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ng antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro. Gayundin, ginagamit din ang naturang pormula sa pagtukoy ng kaugnayan sa pagitan ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ng antas ng kanilang kaganyakang matuto gamit ang lesson script

**Etikal na Konsiderasyon**

Malaki ang responsibilidad na nakaatang sa balikat ng mananaliksik kung siya ay gagawa ng isang masusing pag-aaral. Kinakailangang isaisip niya ang magiging resulta o kahinatnan ng anumang gawain. Anuman ang maaaring mangyari o kinasasangkutan ay may malaking epekto sa kanya, kaya sa umpisa pa lamang ay dapat malinaw na sa kanya ang mga responsibilidad na kailangang harapin. Maraming bagay ang dapat isaalang-alang. Una sa lahat, dapat niyang alam ang tama at mali sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Hindi maisasakatuparan ang lahat ng ito kung wala ang tulong ng mga kalahok sa pag-aaral at ng ilang mga ekspertong maaaring hingan ng opinyon kaugnay sa pananaliksik. Isa sa pinakamalaking pananagutan ng mananaliksik ay ang pag-iwas sa *plagiarism* o pangongopya ng gawa ng iba nang walang pagkilala. Ito ay isang mabigat na kasalanan sa larangan ng pananaliksik at dapat iwasan sa lahat ng pagkakataon.

Kaya naman, nararapat na isaalang-alang ng mananaliksik ang mga sumusunod: nilalaman, pangwatas, dokumentasyon at kaalamang pahintulot; katayuan ng mga kalahok; layunin ng pag-aaral; uri ng datos; pamamaraan; likas na katangian ng pangako; isponsorship; seleksyon ng mga kalahok; potensyal na panganib; potensyal na benepisyo; alternatibo; kompensasyon; pangakong pagiging kompidensyal; pamamaraang kompidensyal; boluntaryong pahintulot; at karapatang bawiin at itago ang impormasyon.

**RESULTA AT PAGTATALAKAY**

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


Ang kabanatang ito ay naglalaman ng masusing presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap kaugnay sa layunin ng pananaliksik na ito. Layunin nitong ipakita ang epekto ng paggamit ng lesson scripts sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang sa Carmen National High School – Day Class. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa tulong ng 29 na guro sa ikapitong baitang at 242 mag-aaral mula sa parehong baitang.

Ang presentasyon ng datos ay nakaayos ayon sa mga suliraning sinagot sa pananaliksik. Una, tinalakay ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa batay sa kanilang pre-test at post-test scores. Sinundan ito ng pagsusuri sa antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro sa iba't ibang dimensyon ng pagtuturo, kabilang ang pagpapamilyar, pagsunod sa gabay, paggamit ng agham ng pagkatuto, at iba pa. Kasunod nito, tinalakay din ang antas ng kaganyakang matuto ng mga mag-aaral bago, habang, at matapos ang aralin. Panghuli, sinuri ang ugnayan ng mga nabanggit na baryabol, partikular kung may makabuluhang kaibahan at kaugnayan sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, layunin ng kabanatang ito na bigyang-linaw kung paano naging instrumento ang lesson script sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at kung paano ito tinanggap at naipatupad ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

**Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa batay sa *Pre-test* at *Post-test Scores* gamit ang *Lesson Script***

Isa sa mga pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy kung may pagbabago sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang matapos ang paggamit ng lesson script sa pagtuturo. Upang masukat ito, isinagawa ang pre-test bilang panimulang pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral bago ang implementasyon ng lesson script, habang ang post-test naman ay isinagawa matapos maisakatuparan ang mga araling may gabay ng nasabing script.

**Talahanayan 1**
*Pre-test at Post-test Scores ng mga Mag-aaral Gamit ang Lesson Script*

| Test | Mean | SD |
|---|---|---|
| *Pre-test* | 7.058 | 2.8527 |
| *Post-test* | 10.47 | 2.4396 |

*Note. n=242*

Batay sa nakalap na datos, isinagawa ang pre-test at post-test upang masukat ang partikular na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita batay sa konteksto at ang kanilang reading comprehension o pag-unawa sa binasang teksto. Ang pagsusulit ay binubuo ng mga aytem na sumusukat sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kahulugan ng salita ayon sa gamit nito sa pangungusap, gayundin sa interpretasyon, analisis, at pagsusuri ng nilalaman ng mga teksto.

Ang resulta ng pre-test ay nagpakita ng mean score na 7.058 (SD = 2.8527), samantalang ang post-test ay tumaas sa 10.47 (SD = 2.4396). Ipinapakita ng mga numerong ito ang makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon. Ang bahagyang pagbaba sa standard deviation ay nagpapahiwatig rin ng mas pantay-pantay na pagganap, na nangangahulugang mas maraming mag-aaral ang umabot sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Sa pagitan ng pre-test at post-test, isinakatuparan ng mga guro ang paggamit ng lesson script tuwing Biyernes. Ang bawat script ay nakabatay sa mga araling tinalakay mula Lunes hanggang Huwebes, ngunit may pokus sa pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa. Ang lesson script ay ginamit bilang isang scaffolded instructional tool na tumutulong sa guro na ilahad ang aralin sa sistematiko, organisado, at nakatutok na paraan. Ayon sa DepEd Memorandum No. 248, s. 2024, ang lesson script ay dapat gamitin bilang gabay mula sa pagpapakilala ng layunin, motibasyon, interaktibong gawain gamit ang larawan, diagram, laro, talakayan, atbp., hanggang sa formative assessment na tumataya sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang masinop na pagsunod sa sequence ng script ay nagbigay ng malinaw na direksyon sa pagtuturo at mas mahusay na pagproseso ng impormasyon sa panig ng mga mag-aaral.

Sa pananaw ni Vygotsky (1978), ang pagbibigay ng scaffolding, tulad ng mga scripted lessons, ay nakatutulong upang maabot ng mga mag-aaral ang kanilang Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan ang pagkatuto ay mas epektibo sa tulong ng guro. Ito rin ay sinusuportahan ni Bruner (1985), na nagsabing ang structured learning environments ay nagpapabilis sa pagkatuto lalo na kung ang mga mag-aaral ay binibigyan ng malinaw na gabay.

Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay umaayon sa natuklasan nina Calderon at Gonzales (2020) na ang paggamit ng lesson scripts ay hindi lamang nagpapadali ng lesson delivery sa panig ng guro kundi malaki rin ang naitutulong sa pagtaas ng academic performance ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kasanayang tulad ng pagbasa at pagsusuri

ng teksto. Sa pag-aaral naman nina De Guzman at Padilla (2021), lumitaw na ang malinaw at sistematikong lesson structure ay nagpapataas ng atensyon, interes, at pag-unawa ng mga mag-aaral, lalong-lalo na sa mga asignaturang may mataas na pangangailangan sa literasiya tulad ng Filipino.

Sa karagdagang pag-aaral nina Tolentino at Rivera (2022), binigyang-diin na ang context-based vocabulary instruction, kapag isinama sa mga lesson script, ay may malinaw na epekto sa pagpapalawak ng bokabularyo at reading comprehension ng mga mag-aaral. Ipinakita rin sa pag-aaral nina Alvarez at San Jose (2023) na mas mataas ang retention at pag-unawa ng mga mag-aaral kapag ang mga aralin ay inihahatid sa tulong ng structured scaffolding at may malinaw na pedagogical flow.

Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang structured lesson delivery gamit ang lesson scripts ay isang epektibong pedagogical strategy upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Hindi lamang nito pinataas ang kanilang performance sa post-test, kundi nabawasan din ang learning gap sa klase. Malinaw na ang ganitong uri ng interbensyon ay may malaking potensyal na makatulong sa mga guro, lalo na sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa. Sa mas malawak na pananaw, ang paggamit ng lesson scripts ay dapat isaalang-alang ng mga tagapamahala ng kurikulum at mga administrador bilang standard support tool sa literasiya, lalo na sa mga baitang kung saan kinakaharap ang mababang performance sa pagbasa.

**Antas ng Paggamit ng *Lesson Scripts***

Ang ikalawang suliranin sa pananaliksik na ito ay tumutuon sa antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro sa ikapitong baitang sa Carmen National High School – Day Class. Layunin nitong alamin kung gaano kadalas isinasagawa ng mga guro ang mga itinakdang bahagi at proseso ng lesson script sa kanilang pagtuturo upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga aspektong isinuri ang: (1) pagpapamilyar sa lesson script, (2) pagsunod sa lesson script, (3) pagsasama ng agham ng pagkatuto, (4) paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo, (5) formative assessments, (6) pidbak at repleksiyon, (7) pagtutulungan at pagbabahagian, at (8) pag-angkop at pagbagay. Sa bawat isa sa mga aspetong ito, sinuri ang antas ng pagsasagawa batay sa mga tugon ng mga guro gamit ang inangkop na sarbey-kwestyonaryo. Layunin ng bahaging ito na mailarawan kung gaano kabisa at gaano kadalas naipapatupad ang lesson script bilang gabay sa pedagohiya, at kung paano ito nakaapekto sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Paggamit ng Lesson Script ng mga Guro*

| Aspekto | *Mean* | SD | Kahulugan |
|---|---|---|---|
| Pagpapamilyar ng Lesson Script | 3.56 | .702 | *Kadalasan* |
| Pagsunod sa Lesson Script | 4.05 | .554 | *Kadalasan* |
| Pagsasama ng Agham ng Pagkatuto | 3.94 | .524 | *Kadalasan* |
| Paggamit ng mga kagamitan sa Pagtuturo | 3.68 | .697 | *Kadalasan* |
| Formative Assessment | 3.76 | .553 | *Kadalasan* |
| Pidbak at Repleksiyon | 4.10 | .520 | *Kadalasan* |
| Pagtutulungan at Pagbabahagi | 3.36 | .533 | *Paminsan-minsan* |
| Pag-angkop at Pagbagay | 3.52 | .436 | *Kadalasan* |

*Note. Batayang Iskor: 4.21-5.00:Palaging Ginagawa 3.41- 4.20 : Kadalasang Ginagawa 2.61-3.40: Paminsan-minsang Ginagawa 1.81 - 2.60 : Malimit na Ginagawa 1.00 - 1.80 : Hindi Ginagawa*

Makikita mula sa talahanayan na sa walong aspekto, pito ang may interpretasyong Kadalasang Ginagawa, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng implementasyon ng mga guro sa mga bahagi ng lesson script. Kabilang sa mga aspektong ito ay ang Pagsunod sa Lesson Script (4.05), Pidbak at Repleksiyon (4.10), at Pagsasama ng Agham ng Pagkatuto (3.94).

Nanguna sa pitong aspekto ang Pidbak at Repleksiyon na may mean na 4.10, na nagpapakita ng aktibong pagninilay at pagbibigay ng puna ng mga guro sa paggamit ng lesson script. Ipinapahiwatig ng resulta na mahalaga ang pidbak at repleksiyon sa pagpapatupad ng lesson scripts sa Carmen National High School – Day Class, kung saan sama-samang naghahanap ng solusyon ang mga guro upang mapabuti ang pagtuturo. Ayon kina Morales at Fernandez (2021), ang konstruktibong pidbak ay pundasyon ng patuloy na propesyonal na pag-unlad, habang binigyang-diin nina Ramos at De Luna (2022) na ang repleksiyon ay nagsisilbing daan sa konkretong hakbang para sa mas epektibong pagtuturo. Sa kontekstong ito, ang pagbabahagi ng karanasan ng mga guro ay nagpapalalim sa kalidad ng implementasyon ng lesson scripts.

Pumangalawa sa pinakamataas na mean ang Pagsunod sa Lesson Script na may 4.05, na nagpapakita na hindi lamang mekanikal ang pagsunod ng mga guro kundi isinasaalang-alang din ang konteksto ng mga mag-aaral at nilalalim ang aralin para sa mas epektibong pagkatuto sa pagbasa. Ayon kina Andaya at Roxas (2021), ang structured na gabay tulad ng lesson script ay nakatutulong upang mapanatili ang pokus ng aralin at maiwasan ang paglihis sa

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


layunin. Idinagdag nina Beltran at Salangsang (2022) na mahalaga ang kakayahan ng guro na sumunod sa pedagogical flow habang pinapansin ang partisipasyon ng mag-aaral. Pinatutunayan ng resulta na nagagawa ng mga guro ang balanseng kombinasyon ng istruktura at flexibility, isang mahalagang aspeto ng 21st-century teaching strategies (Reyes & Miranda, 2023).

Sa Pagsasama ng Agham ng Pagkatuto, nakakuha ng mean na 3.94, na nagpapakita na kadalasang isinasama ng mga guro ang mga gawaing nakabatay sa prinsipyo ng pagkatuto upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa. Ayon kay Santos (2020), ang paggamit ng cognitive at metacognitive strategies ay nagpapalalim sa pag-unawa at partisipasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa nina Lazo at Garcia (2021), nagiging mas epektibo ang lesson script kapag ito ay umaayon sa constructivist learning kung saan aktibong tagatuklas ang mag-aaral. Ipinakita rin nina Torres at Enriquez (2023) na ang integrasyon ng agham ng pagkatuto sa pagtuturo ay nakaaambag sa mas mataas na engagement at performance sa pagbasa.

Sa Paggamit ng mga Kagamitan sa Pagtuturo, lumabas ang mean na 3.68, na nagpapakitang kadalasang ginagamit ng mga guro sa Carmen National High School – Day Class ang mga instructional tools bilang bahagi ng lesson script. Bagaman positibo ang oryentasyon ng mga guro rito, kinakailangan pang paigtingin ang koordinasyon at kalidad ng mga kagamitan upang higit pang mapabuti ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ayon kina Del Rosario at Manlapaz (2021), ang sapat at angkop na kagamitan ay mahalaga sa aktibong partisipasyon at pag-unawa ng mag-aaral. Samantala, binigyang-diin nina Yap at Balingit (2022) na sa ilalim ng MATATAG Curriculum, ang paggamit ng multimedia at contextualized materials ay susi sa epektibong pagbasa at pagkatuto.

Sa **Pagpapamilyar sa Lesson Script**, nakakuha ng mean na 3.56, na nagpapakita na madalas na sinasagawa ng mga guro ang masusing pagsusuri at pagbibigay ng personal na ambag bago gamitin ito sa klase. Ipinakikita ng datos na ang prosesong ito ay hindi lamang teknikal kundi isang propesyonal at malikhaing gawain na mahalaga sa epektibong pagtuturo ng pagbasa. Ayon kina Villanueva et al. (2021), ang maagang pagpapamilyar sa instructional materials ay nagpapataas ng kalidad ng pagtuturo. Dagdag pa nina Salvador at Angeles (2022), ang kolaborasyon sa pagsusuri ng aralin ay nagpapalalim ng pag-unawa ng mga guro. Sa ganitong konteksto, binigyang-diin nina Domingo at Reyes (2023) ang halaga ng lesson study at pedagogical flexibility sa pagpapalakas ng pag-aari ng guro sa kanilang pagtuturo.

Panghuli sa pitong aspektong "Kadalasang Ginagawa" ay ang **Pag-angkop at Pagbagay**, na may mean na 3.52. Ipinapakita ng resulta na may kakayahan ang mga guro na iakma ang lesson script ayon sa konteksto ng kanilang klase at mga pangangailangan ng mag-aaral. Gayunpaman, may espasyo pa para sa higit na inobasyon sa estratehiya sa pagtuturo. Ayon kina Domingo at Cabrera (2021), ang pagiging flexible ng guro ay may direktang epekto sa engagement ng mag-aaral. Samantala, sina Jacinto at Medina (2023) ay naniniwalang mahalaga ang dokumentasyon ng mga pagbabago sa lesson script upang mapabuti pa ang mga susunod na materyales sa pagtuturo.

Samantala, ang **Pagtutulungan at Pagbabahagi** ay tanging aspekto na may interpretasyong *Paminsan-minsang Ginagawa* (3.36), na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas pinatibay na kolaborasyon at palitan ng kaalaman sa hanay ng mga guro. Ipinapakita nito na bagaman ang lesson script ay naipapatupad ng maayos sa indibidwal na antas, maaaring palalimin pa ang kolektibong pagkatuto at pag-unlad sa pamamagitan ng mas madalas na mga learning action cells o sesyon ng dalubhasang pagtutulungan.

Batay sa resulta, lumilitaw na ang mga guro sa Carmen National High School – Day Class ay may mataas na antas ng pagsunod at pag-aangkop sa lesson scripts, na mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng pagtuturo sa pagbasa. Gayunpaman, ipinahihiwatig ng resulta ang pangangailangang palakasin ang kultura ng kolaborasyon upang lalo pang mapahusay ang implementasyon ng mga lesson script.

Ang paggamit ng lesson script sa pagtuturo ay hindi lamang isang pedagogical innovation kundi isa ring inisiyatibong legal na sinusuportahan ng mga polisiya ng Kagawaran ng Edukasyon. Batay sa *DepEd Order No. 18, s. 2017*, na kilala bilang *Guidelines on the Utilization of the 2017 Every Child a Reader Program (ECARP)*, pangunahing layunin ng Kagawaran na mahasa ang kakayahan ng mga batang Pilipino sa pagbasa at pagsusulat na may pang-unawa, anuman ang kanilang baitang. Sa karagdagan, binibigyang-diin sa *DepEd Memorandum No. DM-CT-2024-248* ang mahalagang papel ng lesson scripts bilang learning resources na ginagamit ng mga guro sa pagpapatupad ng mga pangunahing programa tulad ng National Reading Program, National Mathematics Program, at Catch-Up Fridays. Nakasaad dito ang mga layunin sa pagkatuto, nilalaman, at estratehiya sa pagtuturo na nagsisilbing gabay ng mga guro upang epektibong maisakatuparan ang mga aralin.

Sinusuportahan rin ng mga kaugnay na pag-aaral ang bisa ng paggamit ng structured teaching tools tulad ng lesson scripts. Ayon sa pag-aaral nina Shirmohammadi at Salehi (2019), napatunayang mas epektibong mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang scaffolding techniques kaysa sa mga self-regulated learning strategies, dahil sa malinaw na gabay at suporta na ibinibigay ng guro. Sa ibang banda, pinatunayan din sa pananaliksik nina Pretorius at Lephalala (2022) na ang mga programang nakatuon sa pag-unawa sa binabasa ay may positibong epekto sa mga mag-aaral sa Baitang 6 na nag-aaral sa mga paaralang may mataas na antas ng

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
*Volume 2, Issue no. 7* 

kahirapan. Bagama't magkakaiba ang antas ng tagumpay batay sa paraan ng implementasyon, muling pinagtibay sa resulta ng kanilang pag-aaral ang kahalagahan ng sistematikong interbensyon upang paunlarin ang kasanayan sa pagbasa.

Sa kabuuan, malinaw na ang paggamit ng lesson scripts ay hindi lamang nakaugat sa patakaran ng DepEd, kundi pinagtitibay rin ng mga makabagong pananaliksik na nagpapakita ng positibong epekto nito sa pagkatuto, lalo na sa larangan ng pagbasa.

**Kagangyakan ng mga Mag-aaral Tungo sa Aralin sa Paggamit ng *Lesson Scripts***

Sa patuloy na pagsusumikap ng mga guro na mapahusay ang antas ng pagkatuto, lalong naging mahalaga ang pagtukoy sa antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pagbasa bilang pundasyon ng matagumpay na pagtuturo. Kaugnay nito, ang paggamit ng lesson script ay kinikilalang estratehiya na nakatutulong hindi lamang sa organisasyon ng aralin kundi maging sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagkatuto. Ang sistematikong daloy, malinaw na layunin, at kontekstuwal na materyales sa lesson script ay maaaring makaapekto sa antas ng paghahanda, pakikilahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

**Talahanayan 3**
*Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Lesson Script*

| Mga Aspekto | *Weighted mean* | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Bago ang Aralin | 4.35 | .574 | Napakataas ng Kaganyakan |
| Habang Ipinapatupad ang Aralin | 4.03 | .681 | Nagaganyak |
| Matapos ang Aralin | 3.97 | .675 | Nagaganyak |

*Note. Batayang Iskor: 4.21-5.00 : Napakataas ng Kaganyakan 3.41- 4.20 : Nagaganyak 2.61-3.40:Katamtaman ang Kaganyakan 1.81-2.60:Hindi Masyadong Nagaganyak 1.00-1.80:Hindi Nagaganyak*

Sa layuning masuri ang bisa nito, tinalakay sa bahaging ito ang antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pagbasa gamit ang lesson script, na sinusukat sa tatlong yugto: (1) bago ang aralin, (2) habang isinasagawa ang aralin, at (3) matapos ang aralin. Ang pag-unawa sa mga aspektong ito ay mahalaga upang masukat kung gaano kabisa ang lesson script sa pagpapataas ng atensyon, interes, at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa sa loob ng silid-aralan.

Batay sa datos mula sa talahanayan, ang antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral bago ang aralin ay may kabuuang *mean* na 4.35, na may interpretasyong Napakataas na Kaganyakan. Ipinakikita ng mga resultang ito na lubos na nakatutulong ang *lesson script* sa pag-uugnay ng bagong aralin sa karanasan ng mga mag-aaral, sa pagbibigay ng motibasyon sa pagkatuto, at sa pagpapalawak ng bokabularyo. Tugma ito sa isinasaad ni Schunk, Pintrich, at Meece (2014) na ang mga aktibidad na nakabatay sa karanasan ng mag-aaral ay mas nakapagpapataas ng intrinsic motivation—ang likas na interes at pagkagusto ng mag-aaral na matuto.

Dagdag pa rito, tinutukoy nina Pretorius at Lephalala (2022) sa kanilang pananaliksik sa South Africa na ang isang programa sa pag-unawa sa pagbasa na naaangkop sa wika, kultura, at antas ng mga mag-aaral ay may positibong epekto sa *reading engagement* at *performance*. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na mahalaga ang paghahanda bago simulan ang aktwal na pagbasa upang matiyak ang koneksiyon sa dati nang alam ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga aktibidad sa *lesson script* bago ang aralin ay epektibong naghahanda sa mga mag-aaral hindi lamang sa nilalaman kundi pati sa *mindset* ng pagkatuto.

Samantala, habang ipinapatupad ang aralin, ang antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral ay may mean na 4.03, na tumutumbas sa Nagaganyak. Bagama't bahagyang mas mababa kumpara sa antas bago ang aralin, nananatili itong mataas, na nangangahulugang aktibo pa rin ang mga mag-aaral sa pagsagot, pagsusuri, at paglahok sa mga gawaing nakasaad sa *lesson script*.

Ayon kina Guthrie at Wigfield (2000), ang paggamit ng *engaging texts* at mga istratehiyang nagbibigay ng aktibong partisipasyon ay may malaking ambag sa kagustuhan ng mag-aaral na magbasa at matuto. Kaugnay nito, isiniwalat ni Shirmohammadi at Salehi (2019) na ang paggamit ng *scaffolding techniques*, tulad ng pagbibigay-gabay na makikita sa *lesson script*, ay mas epektibo sa pagpapabuti ng pagbasa kaysa sa *self-regulated learning* lamang.

Sa pangkalahatan, ang pinagsama-samang resulta ng tatlong aspekto (bago ang aralin, habang isinasagawa, at pagkatapos ng aralin) ay may kabuuang mean na 4.12, na nangangahulugang Nagaganyak. Ipinakikita ng resulta na sa kabuuan ng proseso ng paggamit ng *lesson script*, ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng motibasyon sa pagbasa. Ipinapahiwatig nito na ang mga *lesson script* ay hindi lamang gabay sa pagtuturo kundi isang mahalagang instrumento sa pagpapataas ng interes, atensyon, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbasa.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


Ayon kay Vygotsky (1978), ang Zone of Proximal Development (ZPD) ay naisasakatuparan kung ang guro ay nagbibigay ng angkop na suporta upang ang mag-aaral ay makaakyat sa susunod na antas ng pag-unawa. Ang *lesson script*, bilang isang *scaffolding tool*, ay nagbibigay ng estrukturadong gabay para mapadali ang interaktibong pagtuturo at pagkatuto. Samakatuwid, ang *lesson script* ay hindi lamang tumutugon sa layunin ng DepEd sa pamamagitan ng ECARP at DepEd Memorandum No. DM-CT-2024-248, kundi tumutugon din ito sa mga pandaigdigang prinsipyo ng *constructivist learning* at *learner engagement*.

**Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Batay sa Pre-test at Post-test Scores Gamit ang Lesson Script**

Upang matukoy kung may makabuluhang kaibahan sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at matapos gamitin ang lesson script, isinagawa ang isang *Paired Samples t-test*.

**Talahanayan 4**
*Kaibahan sa Antas ng Kakayahan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Batay sa Pre-Test at Post-Test Scores*

| | t | df | p-value | Interpretation | Decision |
|---|---|---|---|---|---|
| *Pre-test – Post-Test* | -30.247 | 241 | .000* | Significant | Failed to Accept $H_o$ |

*Note. Significant at 0.05 level*

Batay sa resulta, ang nakuha na t-value ay -30.247, may degree of freedom (df) na 241, at may significance level na p = .000. Ang resultang ito ay mas mababa sa α = 0.05, na nagpapahiwatig ng makabuluhang kaibahan sa *mean scores* ng *pre-test* at *post-test.* Ibig sabihin, mas tumaas ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *lesson script,* kaya't epektibo itong naging interbensyon sa pagtuturo ng pagbasa. Mula sa *mean score* na 7.06 (*pre-test*), ito ay lumundag sa 10.47 (*post-test*), na nagpapakita ng positibong pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Ayon sa pananaliksik nina Pretorius at Lephalala (2022), ang implementasyon ng *structured reading programs*, lalo na sa mga mag-aaral na may limitadong *exposure* sa pagbasa, ay makabuluhang nakatutulong sa pagtaas ng kanilang comprehension at *decoding skills*. Pinatotohanan din ito ng pag-aaral nina Shirmohammadi at Salehi (2019), kung saan napag-alamang ang pagkakaroon ng *scaffolding strategies* tulad ng *guided scripts* ay mas nakatutulong sa pag-unlad ng pagbasa kaysa sa *self-directed approaches*.

Dagdag pa rito, alinsunod sa DepEd Order No. 18, s. 2017 at DepEd Memorandum DM-CT-2024-248, itinatampok ang kahalagahan ng *lesson scripts* bilang pedagogical tools na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at literasiya, at ito'y epektibong ginagamit sa mga programang tulad ng *Every Child a Reader Program (ECARP)* at *Catch-Up Fridays*. Ang *lesson script* ay hindi lamang naglalaman ng istratehiya sa pagtuturo kundi naglilinaw rin sa mga layunin, nilalaman, at inaasahang *output* na lumilinang sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng estadistikal na datos at ng mga kaugnay na literatura na ang paggamit ng *lesson script* ay may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay isang mahalagang gabay sa muling pagdidisenyo ng mga programang pangliterasiya sa mga paaralan.

**Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Kakayahan sa Pagbasa, Antas ng Paggamit ng *Lesson Script* ng mga Guro at Antas ng Kaganyakan ng mga Mag—aaral gamit ang *Lesson Script***

Bilang tugon sa ikalimang tanong ng pananaliksik: "*May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro? at "May makabuluhang kaugnayan ba ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral gamit ang lesson script?*", isinagawa ang *Pearson correlation test*.

**Talahanayan 5**
*Ugnayan ng Antas ng Kakayahan sa Pagbasa, Antas ng Paggamit ng Lesson Script ng mga Guro at Antas ng Kaganyakan ng mga Mag—aaral gamit ang Lesson Script*

| | *r* | *p*-value | *Interpretation* | *Decision* |
|---|---|---|---|---|
| *Post-Test* at Antas Paggamit ng mg Guro | .854 | .036* | *Significant* | *Failed to Accept $H_o$* |
| *Post-Test* at Antas ng Kaganyakan ng mga Mag-aaral | .588 | .105 | *Not Significant* | *Failed to Reject $H_o$* |

*Note. Significant at 0.05 level*

Batay sa resulta, ang nakuha na *correlation coefficient* sa pagitan ng *post-test* at antas paggamit ng mg guro sa *lesson script* ay *r* = .854 at ang *p*-value = .036, na mas mababa sa antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinahihiwatig

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


ng mataas na positibong ugnayan (*r* = .854) na may malakas at makabuluhang kaugnayan sa estadistikal na antas sa pagitan ng paggamit ng *lesson script* ng mga guro at kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng paggamit ng *lesson scripts* ng mga guro sa kanilang pagtuturo, kasabay ding tumataas ang kakayahan sa pagbasa ng kanilang mga mag-aaral. Malinaw sa datos na ang *lesson scripts* ay hindi lamang simpleng gabay sa pagtuturo, kundi isang makapangyarihang kasangkapan na humuhubog sa akademikong pag-unlad ng mag-aaral lalo na sa pagbasa. Ang resulta ng mataas na korelasyon sa pagitan ng antas ng paggamit ng *lesson script* at kakayahan sa pagbasa ay patunay na ang epektibong implementasyon ng *lesson script* ay nakaugnay sa dekalidad na resulta ng pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral ni Connelly (2019) na pinamagatang "*Effects of WH-Question Graphic Organizer on Reading Skill in Students,"* mas epektibong nauunawaan ng mga mag-aaral ang teksto kapag sinusuportahan ito ng mga grapikong representasyon, lalo na kung ito ay ibinibigay pagkatapos ng pagbasa. Ipinapakita nito na ang istrukturadong pagtuturo tulad ng *lesson script* na gumagamit ng mga tanong, graphic organizers, at kaugnay na kagamitan ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng komprehensyon ng mag-aaral.

Samantala, ayon sa pananaliksik ni Sua (2021) sa Leyte, kung saan maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbasa, naging epektibo ang paggamit ng storybook sa sariling wika na isinasaalang-alang ang konteksto at pangangailangan ng mga mag-aaral. Binigyang-diin din sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng mga dekalidad na kagamitan, kabilang na ang lesson scripts, ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang pangbasa. Iminungkahi pa ang patuloy na pagsasanay ng mga guro sa paglikha ng mga lesson script na nakasentro sa mga aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang pananaliksik ni Musaljon (2019) tungkol sa paggamit ng *Mind Mapping Model* sa pagtuturo ng maikling kuwento ay nagpakita ng kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng nilalaman kapag ang kuwento ay ginabayan ng istratehikong balangkas tulad ng mga elemento ng kuwento, layunin, at mga *visual organizer*. Malinaw na kaakibat ng tagumpay na ito ang sistematikong paggamit ng script sa pagtuturo.

Sa kabilang dako, matutunghayan mula sa talahanayan na nakuha ang *correlation coefficient* sa pagitan ng post-test at antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral na **r = .588**, na nagpapahiwatig ng isang katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagbasa at kaganyakan sa pagbasa gamit ang lesson script. Gayunman, ang nakuha na p-value = .105 ay mas mataas kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan na 0.05, kaya't ang ugnayang ito ay hindi makabuluhan sa estadistikal na antas. Ibig sabihin, bagaman may nakitang positibong relasyon—na habang tumataas ang kaganyakan ng mag-aaral ay may posibilidad ding tumaas ang kanilang kakayahan sa pagbasa—hindi ito sapat na ebidensiya upang sabihing may direktang ugnayan sa estadistikal na antas ng pagtitiwala.

Ang kinalabasan ay maaaring ipaliwanag gamit ang pananaw ng edukasyonal na sikolohiya. Ayon kina Guthrie at Wigfield (2020), ang motibasyon o kaganyakan ay mahalagang salik sa pagbasa, subalit hindi ito lamang ang tumutukoy sa tagumpay sa pagbabasa. Bagamat ang mga mag-aaral na may mataas na kaganyakang matuto ay madalas na mas aktibo at mas interesado sa pagbabasa, kailangan pa rin ng kaukulang suporta sa estratehiya, kasanayan, at gabay sa pag-unawa upang makamit ang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa.

Maaari ring ipalagay na ang lesson script, habang nakatutulong sa pagpukaw ng interes, ay hindi pa sapat upang lumikha ng malalim na epekto sa kasanayan ng mag-aaral kung hindi sinasamahan ng mga kaukulang interbensyon tulad ng remediation, indibidwal na pagtutok, o estratehikong pagbasa. Sa madaling salita, bagama't may indikasyon ng positibong ugnayan, wala pa ring makabuluhang ebidensiyang estadistikal na nagpapakita na ang kaganyakan sa pagbasa gamit ang lesson script ay may direktang epekto sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Iminumungkahi ng resulta na dapat pang palalimin ang interbensyon at pagtutok sa iba pang aspeto ng pagtuturo sa pagbasa, tulad ng teknik sa *comprehension*, *vocabulary development*, at *scaffolding* para sa mas tiyak na pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa.

**Lagom ng mga Natuklasan**

Matapos ang ginawang pagbibigay-interpretasyon sa mga nakalap na datos, natuklasan ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Lumitaw na may pagtaas sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang lesson script. Ipinakita na may malaking pagtaas mula sa pre-test scores na 7.058 hanggang sa post-test scores na 10.47, na nagpapahiwatig na mabisang interbensyon ang *lesson script* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

Samantala, ang antas ng paggamit ng mga guro sa *lesson script* ay nasa kabuuang antas na "Kadalasang Ginagawa" (M = 3.70). Ang iba't ibang aspekto ng paggamit ay may mga sumusunod na antas: pagpapamilyar sa *lesson script* (3.56), pagsunod sa lesson script (4.05), pagsasama ng agham ng pagkatuto (3.94), paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo (3.68), *formative assessment* (3.76), pidbak at repleksiyon (4.10), pagtutulungan at pagbabahagian

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


(3.36), at pag-angkop at pagbagay (3.52). Ipinakikita nito na aktibong ginagamit ng mga guro ang mga elemento ng *lesson script* upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng kanilang mga mag-aaral.

Sa antas naman ng kaganyakan ng mga mag-aaral sa pagbasa gamit ang *lesson script*, lumitaw ang kabuuang antas na "Nagaganyak" (M = 4.12). Pinakamataas ang kaganyakan bago ang aralin (M = 4.35), kung saan naiuugnay ng mga mag-aaral ang bagong aralin sa kanilang karanasan, nahihikayat na matuto, at nakapagbibigay ng kahulugan sa mga bagong salita. Habang ipinapatupad ang aralin (M = 4.03) at matapos ang aralin (M = 4.00), nanatili rin ang kaganyakang ito. Patunay ito na ang *lesson script* ay may positibong epekto sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Kaugnay nito, napatunayang may makabuluhang kaibahan sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang pre-test at post-test scores. Ipinakita ng *Paired Samples Test* na ang *pre-test* at *post-test scores* ay may malaking kaibahan (t = -30.247, p = .000), na nagpapakita ng epektibong epekto ng *lesson script* bilang kagamitang panturo.

Dagdag pa rito, lumitaw na may malakas na positibong ugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral at ng antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro (r = .854, p = .036). Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng paggamit ng *lesson script*, mas nahuhubog din ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Samantala, ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa pagbasa at ng kaganyakan sa pagbasa ay may katamtamang ugnayan (r = .588), ngunit ito ay hindi napatunayang makabuluhan sa estadistikang antas (p = .105). Bagama't may koneksyon, nangangailangan pa ito ng mas malalim na pagsusuri upang patunayang may tuwirang epekto ang kaganyakan sa antas ng pagbasa ng mag-aaral.

## *LESSON SCRIPT ENHANCEMENT PLAN*

### Panimula

Ang *lesson script* ay isa sa mga inisyatibong ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng *Every Child A Reader Program* (ECARP) at *Catch-Up Fridays* upang matiyak ang pantay-pantay na kalidad ng pagtuturo sa lahat ng paaralan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng gabay ang mga guro sa paghahatid ng aralin sa mabisang paraan na nakabatay sa mga layunin sa pagkatuto, nilalaman, at angkop na estratehiya.

Batay sa resulta ng isinagawang pananaliksik, napatunayang epektibo ang paggamit ng *lesson script* sa pagpapataas ng antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekundarya. Gayunman, natukoy rin na may pangangailangan para sa mas malalim na pagkaganyak sa mga mag-aaral habang at matapos ang aralin. Kaya't binuo ang *Lesson Script Enhancement Plan* upang higit pang paghusayin ang nilalaman, estratehiya, at implementasyon ng lesson script.

Layunin nitong magsilbing gabay para sa mga guro, administrador, at tagabuo ng kurikulum upang matiyak ang kalidad, kontekstwalisasyon, at pagiging inklusibo ng mga araling ibinibigay sa mga mag-aaral.

### Mga Layunin

Ang *Lesson Script Enhancement Plan* na ito ay naglalayong:

1. Pahusayin ang nilalaman at estratehiya sa loob ng *lesson script* upang mas maging angkop ito sa pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa larangan ng pagbasa;
2. Mapalakas ang kapasidad ng mga guro sa paggamit, pag-angkop, at pagbabahagi ng *lesson script* sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na *professional development*;
3. Maisulong ang kolaboratibong kultura ng pagtutulungan sa pagbuo, pagsubok, at rebisyon ng *lesson script* sa pamamagitan ng *LAC sessions*, *peer feedback*, at *monitoring*;
4. Maisama ang *lesson script enhancement* sa *School-Based Management* (SBM) at iba pang mga programang pangpaaralan bilang bahagi ng pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon;
5. Masigurong inklusibo at kontekstuwalisado ang *lesson script* upang mapakinabangan ng lahat ng uri ng mag-aaral, kabilang na ang mga *struggling readers*;
6. Mapatibay ang ebalwasyon at pag-*monitor* ng implementasyon ng *lesson script* batay sa datos, *feedback*, at *performance* ng mag-aaral.

***Lesson Script Enhancement Plan***

| Bahagi | Layunin | Mga Istratehiya o Gawain | Mga Responsableng Tao | Kagamitan o Resources ng Kinakailangan | *Time Frame* | Budget | Inaasahang Bunga |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Introduksyon ng Aralin (*Before the Lesson)* | Maiugnay ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral upang mapataas ang kaganyakan ng magbasa | • *Real-life connection prompts* • *Graphic organizers* (e.g., *concept maps*) • *Prior knowledge activation tasks* | Guro, *Instructional Coach* | *Visual aids, flashcards, printed organizers* | *Quarterly* | Php 1000.00 | Mas mataas ang kaganyakan at kahandaan ng mga mag-aaral |
| Paghahatid ng Nilalaman (During the Lesson) | Maiproseso nang epektibo ang teksto gamit ang *scaffolding* at kolaboratibong pamamaraan | • *Leveled texts* • *Think-Pair-Share* • *HOTs (higher-order questions)* • *Contextualized reading tasks* | Guro | *Reading scripts, leveled passages, activity sheets* | *Quarterly* | Php 1000.00 | Mas malalim na pang-unawa at aktibong partisipasyon |
| Pagpapalalim at Repleksyon *(After the Lesson)* | Mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at *self-assessment* ng mga mag-aaral | • *Reflective journal prompts* • *Formative assessment rubrics* • *Peer feedback activities* | Guro, Students | *Journal notebooks, rubric templates, feedback forms* | Quarterly | Php 1000.00 | Mas *meaningful learning* at *personal connection* sa teksto |
| Pagtutulungan ng mga Guro | Mapalakas ang kolaborasyon sa paggawa at pagrebisa ng *lesson script* | • *LAC sessions* • *Peer review system* • *Digital resource sharing* | Guro, Master Teacher, School Head | *Shared Google Drive/Folder, peer review tool, observation sheets* | *Quarterly* | Php 5000.00 | Mas mahusay at mas kontekstuwalisadong *lesson scripts* |
| *Professional Development* | Mapataas ang kakayahan ng guro sa pagbuo at ebalwasyon ng lesson script | • *Seminar-workshops* • *Training* sa *Vygotsky's theory* • *Instructional design integration* | School Head, LAC Coordinator, Division Resource Person | *Training modules, PowerPoint, handouts, DepEd memos* | *Quaterly* | Php 50 000.00 | *Sustainable capacity-building* at *SBM-aligned* na *innovation* |
| *Monitoring* at Ebalwasyon | Mapanatili ang kalidad ng lesson script sa tulong ng tuloy-tuloy na evaluasyon | • *Quarterly monitoring* • *Feedback tool for teachers and students* • *Score* | School Head, Guro, M&E Team | *Pre-post test forms, feedback checklist, performance tracker* | *Quaterly* | Php 5000.00 | Patuloy na rebisyon batay sa datos at resulta |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG


| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | *comparison analysis* | | | | | |
| Pagpapalawak at Kontekstuwalisasyon | Maipaangkop ang *lesson script* sa iba't ibang asignatura at uri ng mag-aaral | • *Development* ng *subject-specific scripts* • *Inclusive strategies for struggling readers* • *Multilingual adaptation if needed* | Curriculum Developer, Subject Heads, Guro | *Curriculum guides, templates, differentiated texts* | *Quarterly* | Php 5000.00 | *Scalability* at *inclusivity* ng *lesson script* sa buong paaralan |

Bilang tugon sa mga natukoy na lakas at hamon sa implementasyon ng *lesson script* sa pagtuturo ng pagbasa sa ikapitong baitang, binuo ang *Lesson Script Enhancement Plan* upang higit pang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino. Ang planong ito ay sumasaklaw sa pitong pangunahing bahagi: Introduksyon ng Aralin, Paghahatid ng Nilalaman, Pagpapalalim at Repleksyon, Pagtutulungan ng mga Guro, *Professional Development*, *Monitorin*g at Ebalwasyon, at Pagpapalawak at Kontekstuwalisasyon.

Sa Introduksyon ng Aralin, layunin ng mga guro na maiugnay ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral upang mapataas ang kanilang kagustuhang magbasa. Gamit ang *real-life connection prompts* at *graphic organizers*, inaasahang mas magiging handa ang mga mag-aaral sa bagong kaalaman. Sa Paghahatid ng Nilalaman, ginagamit ang *leveled texts*, *Think-Pair-Share*, at *higher-order questions* upang mapalalim ang pag-unawa sa teksto sa tulong ng kolaboratibong diskusyon.

Ang Pagpapalalim at Repleksyon ay nakatuon sa paglinang ng kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng *reflective journals*, *rubrics*, at *peer feedback*. Mahalaga ring bahagi ang Pagtutulungan ng mga Guro, kung saan isinasagawa ang *regular* na *LAC sessions* at *peer reviews* upang mapahusay ang *lesson scripts base* sa aktuwal na karanasan sa klasrum.

Sa *Professional Development*, nakapaloob ang mga seminar at pagsasanay tungkol sa instructional design at mga teorya tulad ng kay Vygotsky, upang mapalawak ang kaalaman at kakayahan ng mga guro. Bahagi rin ng plano ang *Monitoring* at Ebalwasyon gamit ang *pre-post test forms*, *feedback tools*, at *performance tracking* upang masiguro ang tuloy-tuloy na rebisyon ng *lesson script* batay sa datos. Panghuli, ang Pagpapalawak at Kontekstuwalisasyon ay nakatuon sa pagbuo ng mga *subject-specific lesson scripts* at pagsasaalang-alang sa mga *struggling readers* at *multilingual learners*, upang matiyak ang *inclusivity* at *scalability* ng *lesson script* sa buong paaralan.

## KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON

### Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, malinaw na ang paggamit ng lesson script ay may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang resulta ng *pre-test* at *post-test* ay nagpapakitang may positibong pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Malaki rin ang papel ng guro bilang tagapamagitan sa paggamit ng *lesson script*, isang sistematikong gabay sa pagtuturo na tumutulong sa mga guro na maihatid nang mas epektibo ang mga konseptong pampanitikan at pampag-unawa.

Sa kontekstong ito, napapatunayan ang saysay ng *Sociocultural Theory* ni Vygotsky sa pananaliksik na ito. Ayon sa teoryang ito, ang pagkatuto ay isang panlipunang proseso na mas nagiging makabuluhan sa pamamagitan ng interaksyon sa iba, lalo na sa mga mas bihasa. Ang paggamit ng *lesson script* ng mga guro ay maaaring ituring bilang scaffolding o suporta sa loob ng *Zone of Proximal Development* (ZPD) ng mga mag-aaral, kung saan sila ay natututo hindi lamang sa sariling pagsisikap kundi sa tulong ng mas may kaalaman, ang guro.

Ang mataas na antas ng kaganyakan ng mga mag-aaral, lalo na bago pa man simulan ang aralin, ay nagpapakita ng kanilang aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto. Nakita rin sa resulta na may positibong ugnayan ang antas ng paggamit ng lesson script ng mga guro at ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang kaugnayan ng kakayahan sa pagbasa at kaganyakan, bagama't positibo, ay hindi lumabas na estadistikong makabuluhan, na maaaring sanhi ng iba't ibang panlipunan at kultural na salik na nakaaapekto sa interes sa pagbasa.

Kaya naman, sa pamamagitan ng *lesson script* na sinusuportahan ng mga *pedagogical tools*, gawain, at *feedback mechanism*, ang pagkatuto ay nagiging higit na makahulugan, dahil isinasama nito ang mga elemento ng *shared experiences* na pinalalakas ng tulong ng guro. Sa ganitong pananaw, ang paggamit ng *lesson script* ay hindi lamang teknik o estratehiya, kundi isang ugnayan ng guro at mag-aaral sa loob ng isang kultural at panlipunang konteksto na humuhubog sa pagbasa bilang isang *constructive* at *social act*.

**Mga Rekomendasyon**

Hinihikayat ang mga mag-aaral na aktibong makilahok sa mga gawaing nakapaloob sa lesson script upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa at interes sa pagbasa. Ang paggamit ng lesson script ay napatunayang nakapagpapataas ng antas ng kaganyakan at kasanayan sa pagbasa, lalo na kung ito ay sinusuportahan ng mga estratehiyang nagtutulak sa kolaborasyon, paggamit ng mga tanong na mas mataas ang antas, at grapikong organizer.

Inirerekomenda ang tuloy-tuloy na paggamit ng lesson script upang higit na mapabuti ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Mainam ding gamitin ang mga resultang ito upang magsagawa ng action research at makalikha ng mas kontekstuwalisadong lesson scripts para sa iba't ibang uri ng mambabasa.

Dapat maglaan ng suporta at pondo ang mga administrador para sa *professional development* ng mga guro hinggil sa paggamit ng lesson script, kabilang na ang mga seminar, LAC sessions, at *peer mentoring*. Maaaring gamitin ng paaralan ang *enhanced lesson script plan* bilang bahagi ng *School-Based Management (SBM)* initiatives na nakaangkla sa DepEd Memorandum No. 248, s. 2024. Gayundin, ang regular na *monitoring* at *evaluation* ng implementasyon nito ay makatutulong upang matukoy ang mga bahagi na nangangailangan ng rebisyon.

Mainam na isaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang resulta ng pananaliksik na ito, partikular ang pagpapaloob ng mga component ng lesson script sa mga opisyal na *instructional materials*. Ang mabisang integrasyon nito ay dapat maging pundasyon ng mga estratehiya sa pagbasa, lalo na sa asignaturang Filipino, upang mahikayat ang aktibong interaksyon, kontekstuwalisadong pagtuturo, at kolaboratibong pagkatuto.

Mahalagang kilalanin ng mga magulang ang kanilang papel bilang katuwang ng guro sa pagsuporta sa mga gawaing nakapaloob sa lesson script. Maaaring hikayatin ang mga magulang na maglaan ng oras para sa pagbabasa kasama ang kanilang mga anak, gayundin ang pagbibigay ng pampalakas-loob sa tuwing may mga gawaing kailangang isakatuparan sa bahay. Ang kooperasyon ng magulang ay isang salik din sa positibong karanasan ng mag-aaral sa pagbasa.

Inirerekomenda ang patuloy na pagsasagawa ng pananaliksik na may kaugnayan sa paggamit ng lesson script bilang interbensyon sa iba't ibang asignatura at antas ng pagkatuto. Maaaring paunlarin pa ang pananaliksik sa pamamagitan ng *mixed-methods approach* upang masukat hindi lamang ang akademikong resulta kundi pati na rin ang pananaw, damdamin, at karanasan ng mga mag-aaral at guro. Bukod pa rito, makabubuting tuklasin din kung paano nakaeengganyo ang lesson script sa mga mag-aaral na *struggling readers* bilang bahagi ng pagsulong ng *inclusivity* sa loob ng silid-aralan.

**TALASANGGUNIAN**

Abao, E.D., Boholsno, H.B., Quinto, V.G., & Navarro, T.M. (2019). Reading engagement opportunities of education students. *European Journal of Educational Sciences* (EJES), 18. https://bit.ly/30QHkd0

Akanda, A. K. M., Hoq, K. M. G., & Hasan, N. (2018). Reading habit of students in social sciences and arts: a case study of Rajshahi University. *Chinese Librarianship*, (35). http://whiteclouds.com/iclc/cliej/cl35AHH.pdf

Al-Rimawi, S. & Masri, A. (2022). The level of reading comprehension skills of students with learning disabilities in Jordan. *Journal of Educational and Social Research*, *12* (1), 234. https://doi.org/10.36941/jesr-2022-0019

Bilbao, M., Donguilla, C. & Vasay, M. (2019). Level of reading comprehension of the education students, *International Journal of Liberal Arts, Education, Social Sciences and Philosophical Studies*, 4, 342-353

Bruma at Marbella (2016). Kabisaan ng strategic intervention material (SIM) sa pagsulat sa filipino 7. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, *1* (7). https://oaji.net/articles/2020/1543-1585280920.pdf

Chall, J. S., Jacobs, V. A., & Baldwin, L. E. (2021). The reading crisis. why poor children fall behind. https://www.hup.harvard.edu/catalog.php?isbn=97806 74748859

Charles, J. and Charles, L. (2018). What is reading comprehension? reading worksheets, spelling, grammar, comprehension, lesson plans. https://www.k12reader.com/what-is-reading-comprehension/

Clinton, S., Tyner, L., Epstein, R., & Lambert, A. (2016). A preliminary examination of gender differences in graduate and undergraduate reading engagement:using books to supplement students' learning. *The Coastal Business Journal,15*(1),55. https://goo.gl/TJW8B5

DepEd Order No. 013, s. 2023, National Learning Recovery Program (NLRP)

DepEd Order No. 70, s. 2011. Every Child A Reader Program (ECARP)

Deped Memorandum No. 173, s. 2019, Bawat Bata Bumabasa o 3B's Iniative

Gilakjani, B. & Sabouri, L. (2016), A study of factors affecting EFL learners' reading comprehension skill and the strategies for improvement. *International Journal of English Linguistics*, *6* (5) Published by Canadian Center of Science and Education

Hart, T. (2017). A study on impact of school environment on academic achievement among adolescents, *International Journal of Social Science Tommorow, 6* (2), 7-9.

Hunter, R. (2020). Book Review: The college experience: a focus for psychiatric research. *Canadian Psychiatric Association Journal, 8*(4):272-272, 1963.

Jensen, E. (2019). Teaching with poverty in mind: what being poor does to kids' brains and what schools can do about it, http://ci.nii.ac.jp/ncid/BB15645248

Kiew, S., Shah, P., (2020). Factors affecting reading comprehension among malaysian ESL elementary learners. *Scientific Research Publishing Inc*. https://www.scirp.org/html/14-6305329_105895.htm

Koch, H. & Sporer, N. (2017). Student improve in reading comprehension by learning how to teach reading strategies. an eveidence-based approach for teacher education. https://www.hup.harvard.edu/catalog.php?isbn=9780674748859

Manlapaz. R. (2022). "Contextualized based-learning materials: an evaluation to enhance the reading comprehension of the grade 7 students during the COVID-19 pandemic.", *Psycholgy of Education, 6*: 1269-1276, doi: 10.5281/zenodo.7444558, ISSN 2822-4353, 2022.\

Meneses, A., Uccelli, P., Santelices, M., Ruiz, M., Acevedo, D. and Figueroa, J. (2017). Academic language as a predictor of reading comprehension in monolingual spanish-speaking readers: evidence from Chilean Early Adolescents. *Reading Research Quarterly, 53*(2), pp.223-247. https://ila.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/rrq.192

Mulatu, E. & Regassa, T. (2022). Teaching reading skills in EFL classes: practice and procedures teachers use to help learners with low reading skills, *Cogent Education, 9*(1). 2022, https://doi.org/10.1080/2331186x.2022.2093493

Musaljon, L. (2019). Development of script for short story learning with a model mind mapping in students of class xi Multimedia Vocational School of wira buana 1 bogor. 10.31227/osf.io/r8j6p.

Mushtaq, I & Khan, S. (2022). Factors affecting studentsa academic performance. *Global Journal of Management and Business Research, 12*(9), 17–22. https://journalofbusiness.org/index.php/GJMBR/article/view/100221

Pretorius, E., & Lephalala, M. (2012). Reading comprehension in high-poverty schools: How should it be taught and how well does it work?

Rockets. (2020). Comprehension. https://www.readingrockets.org/teaching/reading-basics/comprehension

Rumelhart, S. (1980). The building blocks of cognition in the oretical issues in reading comprehension, Hillsdale: N, J.Erlbaum.33-58

Saavedra, A. (2020). Chavacano as a medium of instruction: its implications for the reading levels of English in elementary school pupils, *Social Science Research Network*. https://doi.org/10.2139/ssrn.3620807

Srisang, P. & Everatt, J. (2021). Lower and higher level comprehension skills of undergraduate EFL learners and their reading comprehension, *LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network*, *14*(1), 2021, 427–454

Stephens, L. & Schaben, L. (2022). The effect of interscholastic sports participation on academic achievement of middle level school students, *NASSP Bulletin, 86*(630), 34–41. https://doi.org/10.1177/019263650208663005

Sua, F.T. (2021). Effectiveness of Story Books in Improving the Performance of Grade II Pupils in Reading. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*. https://www.ijams-bbp.net/wpcontent/uploads/2021/07/FLORDELIZA-T.-SUA.pdf

Suwanaroa, S. (2021). Factors and Problems Affecting Reading Comprehension of Undergraduate Students, *International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 12* (15-29), doi:10.32996/ijllt.2021.4.12.3.

Tanczkie, P. (2017). Practical english language teaching (New York: McGraw-Hill, 2017).

Weeks, K. (2009), The impact of instructional materials on the motivational of struggling readers. https://scholarworks.uni.edu/grp

Van den Brook, P., Kendeou, P., Lousberg, S., & Visser, G. (2017). Preparing for reading comprehension: fostering text comprehension skills in preschool and early elementary school children. *International Electronic Journal of Elementary Education*, *4*(1), 259-268. https://www.iejee.com/index.php/IEJEE/article/view/223